REDISTRICTING TASK FORCE

City Hall
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 244
San Francisco 94102-4689
Tel. No. (415) 554-5184
Fax No. (415) 554-5163
TDD/TTY No. (415) 554-5227

# ABISO TUNGKOL SA PAGBABAGO SA MGA PATAKARAN NG TASK FORCE

**SA PAMAMAGITAN NITO, IBINIBIGAY ANG ABISO na sa panahon ng espesyal na pagpupulong na itinakda sa Lunes, Oktubre 4, 2021, isasaalang-alang at maaaring pagtibayin ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang mga patakaran.**

Bukod sa iba pang mga bagay, kasama sa mga iminumungkahing patakaran ang mga artikulo ukol sa mga Opisyal ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito at ang pangangasiwa ng mga pampublikong pagpupulong ng Task Force. Sa panahon ng espesyal na pagpupulong sa Oktubre 4, 2021, maaaring pagtibayin ng Task Force ang regular na iskedyul ng pagpupulong at maaaring baguhin ang balangkas ng mga patakaran para maisama ang nasabing iskedyul.

Maaaring ipadala ang mga isinulat na pampublikong komento ukol sa iminumungkahing mga patakaran sa email rdtf@sfgov.org, at sa Tanggapan ng Kawani ng Lupon ng mga Superbisor, sa pangangasiwa ni John Carroll, Room 244, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, San Francisco, CA 94102. Mabibigyan din ang publiko ng oportunidad na magkomento habang ginaganap ang espesyal na pagpupulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa Oktubre 4, 2021.

Kalakip ng abisong ito ang kopya ng iminumungkahing mga patakaran.

DATED/POSTED: September 24, 2021

**SAN FRANCISCO REDISTRICTING TASK FORCE**
**(PANGKAT PARA SA ESPESIPIKONG GAWAIN NA PASASAAYOS MULI NG MGA DISTRITO NG SAN FRANCISCO)**

# MGA TUNTUNIN O BYLAWS

## ARTIKULO I. ANG SAN FRANCISCO REDISTRICTING TASK FORCE (PANGKAT PARA SA ESPESIPIKONG GAWAIN NA PAGSASAYOS MULI NG MGA DISTRITO NG SAN FRANCISCO)

### Seksiyon 1. Impormasyon para sa Pagkontak.

| | |
|---|---|
| Address para sa pagpapadala sa koreo: | 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place<br>City Hall , Room 244<br>San Francisco, CA 94102-4689 |
| Numero ng telepono: | (415) 554-5184 |
| E-mail address: | rdtf@sfgov.org |
| Webpage: | https://sf.gov/public-body/2020-census-redistricting-task-force |

### Seksiyon 2. Awtoridad at mga Itinatakda ng Batas.

Pinamamahalaan ng Tsarter ng San Francisco seksiyon 13.110(d) ang paglikha at ang pagpapatakbo ng Redistriting Task Force o Pangkat para sa Espesipikong Gawain ("ang Task Force"). Noong Hunyo 22, 2021, inaprubahan ng Lupon ng mga Superbisor (Board of Supervisors ang Ordinansa Blg. 94-21, na bumubuo sa Task Force.

## ARTIKULO II. LAYUNIN.

Layunin ng Task Force na baguhin ang mga hangganan ng mga distritong pinamamahalaan ng superbisor (supervisorial district boundaries) sa paraan na kasiya-siya sa lahat ng naaangkop na itinatakda ng batas, kasama na ang Tsarter ng San Francisco, ang Pederal na Batas ukol sa Karapatang Bumoto (Federal Voting Rights Act) at ang Konstitusyon ng Estados Unidos.

## ARTIKULO III. KASAPIAN.

### Seksiyon 1. Mga Kinakailangan ukol sa Paninirahan o Residency.

Sa lahat ng panahon ng kanilang paglilingkod, ang mga miyembro ng Task Force ay dapat legal na residente ng Lungsod at County ng San Francisco.

### Seksiyon 2. Panahon ng Panunungkulan at Mga Bakanteng Posisyon.

Maglilingkod ang Task Force hanggang sa makompleto ng Task Force ang mga tungkulin nito kaugnay ng 2020 census na isinasagawa tuwing ika-sampung taon, ayon sa itinatakda sa seksiyon 13.110(d) ng Tsarter. Sakaling magkaroon ng bakanteng posisyon sa nakabobotong kasapian ng Task Force, pupunuan ito ng tagapagtalagang awtoridad para sa puwestong nabakante.

### Seksiyon 3. Bayad at mga Benepisyo.

Maglilingkod ang mga miyembro ng Task Force nang walang bayad o benepisyo.

## **<u>ARTIKULO IV.</u>** MGA OPISYAL.

**Seksiyon 1. Ang Tagapangulo at ang Pangalawang Tagapangulo.**

Magtatalaga ang Task Force ng dalawa sa mga miyembro nito upang maglingkod bilang Tagapangulo (Chairperson) at Pangalawang Tagapangulo (Vice-Chairperson), ayon sa pagkakasunod-sunod na ito. Kapag nagkaroon ng bakanteng puwesto sa alinman sa dalawang posisyon na ito, maghahalal ang Task Force ng bagong opisyal sa pamamagitan ng pagboto ng mayorya ng kabuuang kasapian ng Task Force sa susunod na regular na miting nito.

**Seksiyon 2. Mga Tungkulin ng Tagapangulo at Pangalawang Tagapangulo.**

Ang Tagapangulo ang mamamahala sa lahat ng miting kung naroroon siya. Ang Tagapangulo ang maghahanda ng mga pag-uusapan o agenda para sa lahat ng miting, nang may payo at opinyon ng iba pang miyembro ng Task Force.

Kung wala ang Tagapangulo, ang Pangalawang Tagapangulo ang mamamahala sa mga miting Task Force at magsasagawa ng mga tungkulin ng Pangalawang Tagapangulo. Kapag kapwa wala ang Tagapangulo at ang Pangalawang Tagapangulo, maghahalal ang Task Force ng pansamantalang (pro tem) na Tagapangulo na siyang mamamahala sa miting ng Task Force.

## **<u>ARTIKULO V.</u>** ANG KLERK.

**Seksiyon 1. Ang Klerk.**

Ang Klerk ng Task Force ("Klerk") ang indibidwal na siyang itatalaga ng Klerk ng Lupon ng mga Superbisor (Board of Supervisors). Ang Klerk ang dadalo sa lahat ng miting ng Task Force. Ang Klerk ang may responsibilidad para sa wastong pagrerekord ng mga aksiyon, pakikipagsulatan, pag-uusapan o agenda, tala ng miting, at iba pang tungkulin na itatalaga ng Tagapangulo ng Task Force. Ang Klerk din ang may responsibilidad sa pagpapadala ng mga komunikasyon sa pagitan ng Task Force at ng miyembro ng publiko.

## **<u>ARTIKULO VI.</u>** MGA MITING.

**Seksiyon 1. Oras at Lugar ng mga Miting.**

Magtitipon ang Task Force para sa regular na miting na ito sa unang [ipagbibigay-alam pa o TBD) ng bawat buwan nang [pagbibigay-alam pa o TBD]. Posibleng isagawa ang mga espesyal na miting sa iba pang lugar, petsa o oras, batay sa itinatakda ng abiso.

**Seksiyon 2. Pag-aabiso ukol sa mga Miting.**

Ipapaskil ang mga abiso at pag-uusapan sa lahat ng miting ng Task Force sa San Francisco Main Library, at sa webpage ng Task Force, at ipapadala ito sa pamamagitan ng koreo o email sa bawat miyembro ng Task Force at sinumang indibidwal na magfa-file ng nakasulat na kahilingan para sa gayong pag-aabiso sa Klerk.

Ipapaskil ang Abiso ng Task Force limang araw bago ang oras ng miting.

**Seksiyon 3. Pagboto.**

Para mapagtibay ng Task Force ang isang mosyon o iba pang aksiyon, kailangang makatanggap ito ng boto ng mayorya ng kasapian ng Task Force. Kailangan ng pagsesegunda ng lahat ng mosyon bago ito pagbotohan ng Task Force. Boboto ang bawat dumalong miyembro sa miting Task Force ng oo o hindi kapag may tanong na iniharap, maliban na lamang kung may pahintulot na huwag bumoto dahil sa banggaan ng interes o nang dahil sa mosyon na pinagtibay na ng Task Force. Walang pagboto sa pammagitan ng pagtatalaga sa iba o pagpapa-proxy na pahihintulutan.

**Seksiyon 4. Pagkomento ng Publiko.**

Hihikayatin ng Task Force ang pagkokomento ng publiko. Sa pangkalahatan, puwedeng magbigay ng pananalita ang sinumang miyembro ng publiko sa Task Force ng isang beses nang hanggang sa tatlong minuto ukol sa anumang bagay na nasa pag-uusapan. Posibleng limitahan ng Tagapangulo ang oras upang maging mas maiksi sa tatlong minuto kada bagay na nasa mga pag-uusapan, batay sa mga salik o factor, tulad ng kalikasan ng bagay, bilang ng inaasahang magsasalita ukol sa bagay, at ang inaasahang haba ng iba pang bagay na nasa listahan ng mga pag-uusapan. Sa lahat ng pagkakataon, kailangang pantay-pantay na ipatupad ng Task Force ang mga limitasyon sa oras sa mga miyembro ng publiko.

Magbibigay ang Task Force ng dagdag na oras para sa pagkomento ng publiko mula sa mga miyembro ng publiko na mangangailangan ng tagasalin.

**Seksiyon 5. Mga Tala mula sa Miting.**

Irerekord ng Task Force ang mga tala mula sa bawat miting at ipapaskil ang mga ito online matapos maaprubahan. Kung praktikal na magagawa ito, aaprubahan ng Task Force ang mga tala mula sa anumang miting sa susunod na miting.

**Seksiyon 6. Saradong mga Sesyon.**

Sa mga limitadong pagkakataon, posibleng magsagawa ang Task Force ng saradong mga sesyon sa mga pampublikong miting na ito upang mapag-usapan at maaksiyunan ang mga bagay na tulad ng mga paghahabla sa hukuman.

Matapos ang pakikipagkonsultasyon sa Opisina ng Abugado ng Lungsod (City Attorney’s Office, at matapos mapagpasyahan na aaprubahan at naaangkop ang saradong sesyon, puwede nang mag-iskedyul ang Tagapangulo ng saradong sesyon. Kailangang sundin ng nakasarang mga sesyon ang lahat ng naaangkop na itinatakda ukol sa pag-aabiso at pagpapaskil.

**Seksiyon 7. Pagdalo.**

Maliban na lamang sa pagkakataon na nakapagbigay na ng abiso ukol sa pagliban, inaasahan na dadalo ang bawat nakabobotong miyembro ng Task Force sa bawat miting ng Task Force.

Magkakaroon ang Clerk ng rekord ng mga dumalo at iuulat ang lahat ng pagliban, pati na rin ang anumang pagkakataon ng tatlong magkakasunod na pagliban ng miyembro sa regular na miting, sa nagtalagang awtoridad sa miyembro. Sinumang miyembro ng Task Force na hindi nakadalo sa tatlong regular na miting sa loob ng takdang panahon na anim na buwan, nang walang naipahayag na pag-apruba ang Task Force sa panahon mismo o bago ang bawat hindi naduluhang miting, ay ituturing na nagbitiw na mula sa Task Force, 10 araw matapos ang ikatlong hindi naaprubahang pagliban.

**Seksiyon 8. Robert's Rules of Order (Gabay sa Pagpapadaloy ng Pulong na Nakabatay sa Librong Sinulat ni Henry Martin Robert).**

Kung nauukol sa mga batas na hindi tinatalakay ng mga tuntunin o by-laws na ito, puwedeng sundin ng Task Force, batay sa pagpapasya ng Tagapangulo, ang mga patakarang nakasaad sa pinakahuling edisyon ng Robert's Rules of Order (Bagong Pagkakarebisa), maliban na lamang kung sumasalungat ito sa mga tuntunin ng Lungsod o ng Estado ukol sa mga miting.

## ARTIKULO VII. MGA PAG-AAMYENDA.

Puwedeng amyendahan o baguhin ng Task Force ang mga Tuntunin na ito sa pamamagitan ng pagboto ng mayorya ng buong Task Force, matapos na mapaikot ang mungkahing pag-amyenda nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang miting, kung saan gagawin ang mosyon para sa pag-aamyenda.